

Alamát ng Makahiyâ

(Kay PANTSING.)

Makahiyâ.

Sino ang hindi nakakikilala sa halamang itó? Sinong m̄ga nagdaan sa pagkabatâ, kung dito rin lamang sa Kasilanganan, ang di nawiling dunggoldunggulin at paglibangán ang halamang itóng sa bahagyang salíng ay agád ilinilikom ang kanyang m̄ga dahon?

Ayon sa m̄ga botániko, ang ganyang kapang-yarihang kumilos sa ganáng sarili n̄g m̄ga halaman ay isá sa m̄ga katotohanang ipinaghiihirap ikasuri at lubós na mapaglayô; kung anó ang halaman at kung anó ang hayop; n̄gunit hinggil naman sa m̄ga matatandang paniwalà, ang ganyang paláisipan n̄g Katalagahán (Naturaleza) ay isang milagro n̄g Maykapal na itinatakdâ sa táo upang kákilanlan n̄g kanyang inabuti ó masamang inasal.

Ang "makahiyâ" ay isá sa m̄ga halamang may kapangyarihang kumilos sa sarili, at ang kapangyarihan niyang itó'y may angking isang alamát.

—Pag ikaw ay nakapitás n̄g isáng dahong di ikóni n̄g halamang iyan, ay madalíng iharáp mo sa iyóng iniibig at makikita mong di ka matítigan at yuyukóng hiyâng-hiyâ sa iyó.

Ganyán ang salitang sabay na itinuturó sa akin ang isáng malabay na punong "makahiyâ" sa tabí n̄g batis, n̄g matandang kasaka-sama ko sa paglalagalag sa m̄ga kabundukan nitong Sangkapuluán n̄g kasalukuyan n̄g paghihimagsik.

Bagama't di ko pinaniniwalaan ang kanyang sinabi, ay nagtimpí ako sa pan̄gan̄gambâng baka di niya ituloy ang pagsasaysay.

—Bakit pô gayon? ano ang inyong nalalaman sa halamang iyan?—ang pamanghang tanóng ko.

—Di umano, nang ang Bathalà n̄g m̄ga tagalog ay nagsumunimuni kung anó ang halamang mabuting ipaalagâ sa kanyang m̄ka alagád, ay sâbubungô sa kanyang isip ang punò n̄g makahiyâ. Noon ay di pa umiikom ang m̄ga dahon nito kahit mo salangín; n̄gunit dalá n̄g kaliliitan n̄g kanilang m̄ga dahon ay madalás kâwilihang paglibangan n̄g ating Bathalà.

N̄g panahóng yaón ay may nabubuhay namang isáng magasawa, na sa dalawampung taóng kanilang pagsasamay iisa lamang ang kanilang naging suplóng at babé pa naman. Dî gagaanong pagmamahal at di matimbang na pagaarugâ ang ipinatatasang lagì n̄g magasawang iyón sa kanilang sanggol. Isáng araw, silâ'y nakáisip maglibanglibâng sandali sa pook na kanilang tinatahanan. Ninanais na bago sila mangamatáy ay maiányô na muna ang kabuhayan n̄g kanilang mauulilang anák; itó ang lamán n̄g pagiisip n̄g magasawa sa boo nilang pagliliwaliw.

“Tayo'y matatandâ na, anáng lalaki, mahihinâ na ang ating katawan at dárating pa ang araw na di na tayo makakikilos. Kung tayo'y

magkaganito na'y síno éang ating maaasahan kukupkóp at magaalagâ sa atin? May isá tayong anak ay babé pa naman. Siya ang maaasahan nating makapagaarugâ, dapwa't dalá n̄g kanyâng pagkababé, ay di natin mapababayaan namang maglalayô upang dumuláng n̄g kinakailangan nating pangtawid búhay. Kayâ inaakalà ko, at aywan kung inaakala mo rin namán, na ang mabuting gawin natin ay tulungan siyâng pumiñ n̄g dapat niyang tugunán n̄g kapwa lugód sa madlang binatang kasalukuyang natulugod sa kanya.”

“Mabuti n̄g ang ganyâng náisipan mo, ang saad naman n̄g babé; n̄gunit siya'y bayaan na natin muna n̄gayóng pumiling mag-isa n̄g kanyang inaakalang dapat kalugdán, at kung dumating na ang panahon ay saka na pamagitanan siya.”

Itó n̄g ang napagkáisahang gawin n̄g dalawang matandâ, at pinagtibay sa kamilang kalooban.

Lumalákad ang panahon sa magasawa, na puspos n̄g katamisang idinudulot ng pamumuhay sa iláng. Sa matahimik nilang kâlagayan, labat halos ay nalulugod sa kanilang pamumuhay; sa kagandahang loob at paguugali n̄g kanilang anák, labat halos ay naaiigaya; ano pa't mahirap man ang magasawang iyón ay may kayamanan namang angkin, isáng kâyamanang di matutumbasán n̄g gaano mang pilak at gintó: ang kanilang anák.

Sa mainam na pakikipagkapwa táo, si Makahiyâ ay ulirán; sa kalugod-lugód na paguugal, siya'y walang kawângis; sa kagandaha'y wala namang kapilas. Kaya't sa pagkakatangí niyang lubos sa tamang dalagang kapanahón niya ay kinulugdán n̄g labát n̄g binatâ; pawang tumitibók sa kanyang harap ang kanikanilang m̄ga pusô. Isá sa m̄ga ganítong binatâ ay si Lakan-Tiis, batang hiráp, sunóng ang balát at basâ ang kátagawan sa ínit n̄g araw; siya'y isáng binatâ rin namang nahíhirang sa m̄ga kapwâ, na nagtamong lugod kay Makahiyâ n̄g gaya n̄g dito'y pagkalugod niya.

Sila n̄gá'y nagkásintahan, at sapagka't ang damdaming ito kaylan ma'y di maikukubli, napagtastas n̄g lahat ang kanilang pagsusuyúán hanggang sa sumapit sa tain a n̄g m̄ga magumagulang n̄g dalawang sing-irog.

Ang m̄ea magulang ni Lakan-Tiis ay sumang-ayon n̄g walang alinlangan, sapagka't para sa kanila ay walâ nang dalagang dapat pang pintuhuin ang kanilang mahal na anák kung hindi n̄gá si Makahiyâ; subali't para sa magulang nito'y wala na namang dapat ilagan ang kanilang anák na di gaya n̄g isáng tulad lamang kay Lakan-Tiis, bagaman sa ganang sarili ni Makahiyâ ay walang kakatwikatwiran ang m̄ga pagtutol na iyan n̄g kanyang m̄ga magulang, pagka't sa palagay niya'y walâ nang mahahanap na isáng lalaking may magandang loob, may dângal, may puri, sa minsang sabi, na sa kanya n̄g lahat ang palamiting dapat taglayin n̄g isáng karapatdapat na binatâ: iyón n̄gá lamang, may

kahirapan, n̄gumi't ang kahirapan nḡ isáng lalaki'y lalong nagpapatingkád sa kabutihan niyang taglay.

Patuloy ang pagkakásumang nḡ dalawang akalà nḡ m̄ga magumagulang ni Lakan-Tíis at Makahiyâ, hanggang sa ang magulang nito'y nag-pahayag nḡ táhasang kung isáng gaya lamang ni Lakan-Tíis ang matatagpuan nḡ kanyang anák, mahangâ pa'y mamatay na ito sa pag-kadalaga.

Mawikâ ito nḡ magulang ni Makahiyâ ay nangñig mandin ang sangdaigdig; waring nag-liwanag ang tabanán nila Lakan-Tíis at nang-lumó sa pagkakaupò ang m̄ga magulang nḡ dalaga; lahát sa kanilang paningín wari'y na-ulapan; lahát lahát halos ay nabago sa kanila at nápunang biglâ ang nábigkas nilang kapaluan. Sila'y nagsisi, n̄gumi't hulí na; sa kanila'y nalalapat na ang bigat nḡ kamay nḡ kanilang Bathalà, pagka't hindi nito mapapayagang magharî ang KAPALALUAN AT KATAASANG LOOB.

Nang kinábukasang mágising ang mag-asawa'y náduğawan sa tapat nḡ kanilang bahay ang halamang mahal sa Bathalà; kapagdaka'y pina-naog nila at hinipò, n̄gumi't dalidalíng umikom. Nápamanghâ ang dalawang matandâ at di makakilos; isang tinig na nagbuhat sa punò nḡ "makahiyâ" ang kanilang napakingán:

"Mahiýâ kayó, ang wika'; dapat ninyóng ipang-lumó ang ginawang pagkukulang sa harap nḡ isáng Bathalá. Akó, isáng hamak na punong kahoy, n̄gayon ay pinapangusap at tinakdaang sapul sa araw na itó'y maging tagapagpaalala sa kasa-lanan ninyóng Pagpapalalo. Sukat ninyóng pakau-nawain at kaylan ma'y di dapat limutin, na ang taíong mataas mangusap ay di mapamama-tagí ni mapahihintulutan sa tahanan nḡ iníga Kasaganaan at Kabutihan, kayâ magbuhat n̄gá-yón hangang sa ang Sangdaigdig ay Sangdaigdig ay yuyukô at kahíhiyán ninyo ako; at mag-buhat din sa sandaling itó, ang pagkalugod kahapon sa inyó nḡ lahát nḡ táo ay matutulad sa asóng sasabog at lilipas."

At magbuhat noo'y sa tuwing masásaling ang punong "makahiyâ," ay inililikom na ang kanyang mangâ dahon.'

Dito natapos ang pagsasaysay nḡ matandâ.

N̄gumi't bakin itó ang alámát na náhirang kong ihandog sa iyó?... Sapagka't ang kasaysayang itó, Pantsíng, ay siyang napagsasapit nḡ aking DALISAY AT WAGAS na pag-irog.

NASBRÍ.

LOS OPERARIOS FILIPINOS

Almacén de comestibles y bebidas
del país y del extranjero.

CENTRAL:

SUCURSAL:

6 Villalobos, Quiapo 277 Tabora, S. Nicolas,

PROSA EGLÓGICA MAYO

Es el mes consagrado á la Virgen Augusta de las flores, mes de las musas y de las hadas, que en su carro triunfal, pletórico de rosas y de ensueños, ha entrado á través del calor canicular. Ataviado de todo lo maravilloso y cautivante, engalanado con los riquísimos colores del Iris, es regíamente deslumbrador en sus manifestaciones excelsas.

El azul infinito de los cielos adquiere á su venida la majestuosidad sublime de las cosas intangibles. Las aves, mientras lanzan sus vuelos ondulantes formando extrañas curvas en la inmensidad del espacio, desgranan sus armoniosos cantares é himnos de salutación á la brillante Naturaleza. Las flores, al recibir el soplo de vida de las auras matinales, mientras abren sus dormidos pétalos espacieiendo sus delicados aromas, impregnán el ambiente de perfume suavísimo y encantador.

Mayo. Es el mes de los impulsivismos ardientes, de las sensaciones cálidas que incendian el cerebro y la sangre, de las visiones fantásticas que engendra en la imaginación la magnificencia tropical del paisaje. Bajo la presión enervante del Mediodía, las almas enamoradas del silencio y la soledad buscan en la sombra apacible de las cañas la dulcedumbre de las horas idílicas....

En sus tardes, la eterna poesía de los jardines, el encanto de las praderas, la rara belleza de los campos, todo lo que es de hermosísimo verdor y lozanía espléndida vienen con él como evocados por el Ensueño.... El sol, al hundirse tras los últimos confines del Occidente, enviando al mundo los arreboles de su claridad dulcemente melancólica, envuelve á las montañas en lóbrego misterio...: Al florecer del crepúsculo, mientras las hojas secas abrasadas por el candente estío van cayendo abandonadas sobre la verde alfombra, las cigarras con su ruido monorítmico y sonoro turban la quietud solemne de las selvas.

En sus noches, cuando la luna asoma su faz nacarada por entre los níveos paisajes derramando su argénteo palor sobre la espesura de los bosques, la Naturaleza, mientras duerme con su primer sueño al blando arrullo de los céfiros, convida al silencio y á la meditación.

Mayo, el de las púrpuras festivas en las sienes, el de los oros deslumbrantes en su reste floreal, viene á dulcificar la melancolía de las almas románticas: Y devolverá á las ilusiones deshojadas y marchitas por la amarga ironía del Destino, la vida y el encanto de sus colores desvanecidos...

ROSALIN.

15 Mayo, 1909.

IMPRENTA, LIBRERIA, PAPELERIA,
Fabricación de timbres de goma y de metal,
LORENZO CRIBE
Calle Crespo, No. 101. Quiapo, Manila, F. I.